saan mang malayong pook upang hanapin ang makapagpapagaling sa inyo, Kamahalan. O, kahit pa ang sarili kong buhay ay buong puso kong ipagkakaloob gumaling lamang po kayo, Kamahalan."

Sumagot ang Sultan, "Abunnawas, pag tigil na ang pagdudurog ng buhangin sa pampang, damdam ko'y nawawala ang sakit ng aking ulo at ako'y napapahinga ng husto. Nguni't sa sandali na namang magsimula ang pagdudurog sa pampang, sumasakit na muli ang ulo ko. Marahil, Abunnawas, kung mapatitigil mo ang alon sa pagdudurog ng buhangin sa pampang, gagaling ang aking karamdaman. Kaya, ngayon, iniutos ko sa iyong bigkisin mo ang mga alon."

"Naku, huwag kayong mag-alaala, Kamahalan. Kung iyan lang ang makapagpapagaling sa inyo, gagawin ko po. Tulad na nga ng nasabi ko na, nakalaan akong itaya ang sarili kong buhay alang-alang sa inyo, Kamahalan," taimtim sa pusong sabi ni Abunnawas.

"Mabuti, mainam!" wika ng Sultan. Nagpaalam na si Abunnawas at umalis na. Makaraan ang ilang sandali, nagbalik siya sa palasyo upang makipagkitang muli sa hari. "Kamahalan," panimula ni Abunnawas, "mayroon po akong nalimutang sabihin sa inyo."

"Ano yaong nalimutan mong sabihin sa akin?" tanong ng Sultan.

Sumagot si Abunnawas, "Nalimutan kong sabihin sa inyong may kakailanganin ako sa pagbibigkis ng mga alon. Naisip ko pong kung malulubid ninyo ang buhangin para sa akin, may maibibigkis ako sa mga alon."

"Napakatanga mo Abunnawas," galit na sabi ng Sultan, "paano ko malulubid ang buhangin?"

"Kung kayo, Kamahalan ay di makapaglubid ng buhangin, ako pa po kaya ang makapagbigkis ng mga alon?"

Di nakapangusap ang Sultan. Naumid siya. Tumango at nagwika, "Talagang matalino si Abunnawas!"

## HINDI NANGINGITLOG ANG TANDANG

Minsan ay inanyayahan ng Sultan si Abunnawas na lumahok sa isang palaro na ang Sultan mismo ang mangangasiwa. Nang ang mga tao'y natitipon na, nangusap ang Sultan.

Sinabi niya, "Sa ating palaro ngayon, sinumang makaaaahon sa tigang na balong iyon at makapagpapakita ng isang itlog bilang katunayan na nangitlog siya ay magkakamit ng gantimpalang isang daang salaping ginto. Nguni't kung hindi siya makapangingitlog, ipatatapon ko siya sa pinakamalalim na bahagi sa dagat".

Nang makapangungusap ang Sultan, mabilis siyang tumalikod at hinanap si Abunnawas. Kaagad siyang binati ng Sultan pagkakita sa kaniya.

"Ano'ng masasabi mo, Abunnawas?" tanong ng Sultan.

"Sang-ayon po ako", nakangiting sagot ni Abunnawas.

At nagsimula na ang palaro. Nguni't bago pa pala nagsimula ang palaro, nakapag-lagay na ang Sultan ng apatnapu't tatlong itlog sa loob ng tigang na balon sapagka't apatnapu't tatlo ang kaniyang mga tauhan ang kasali sa palaro.

Ang apatnapu't tatlong tauhan ng Sultan ay isa-isang lumusong sa tigang na balon, bawa't isa'y may dalang itlog sa pag-ahon, pati na ang Sultan. Si Abunnawas ang huling lumusong sa balon. Nang naroon na siya, nag-isip siya ng paraan kung paano siya makapangingitlog. Makaraan ang ilang saglit, isang ideya ang pumasok sa kaniyang isip.

Nang makaahon siya sa balon sumigaw siya ng "Kukku-gauk!"

"Abunnawas, nasaan ang iyong itlog?" tanong ng Sultan.

"Kamahalan, di maaring mangitlog ang tandang," tugon ni Abunnawas.

"Kayong lahat ay inahin sapagka't nangitlog kayo. Pero, ako ay tandang kaya, hindi ako nangingitlog."

Kaya't walang nagawa ang Sultan sapagka't napagkuro niyang tama si Abunnawas. Umalis siyang gaputok ma'y di nakapagsalita.

LUMAKAD SI ABUNNAWAS SA  
IBABAW NG KAWAYAN

Dumating na naman ang isang pagkakataong madalaw ni Abunnawas ang Sultan. Pagdating niya sa palasyo, kaagad siyang yumukod at humalik ng kamay sa Sultan.

"Ikaw pala Abunnawas," pambungad na bati ng Sultan. "Ano ang sadja mo rito?"

"Wala naman, Kamahalan, naglalakad-lakad lang. Baka sakaling makasumpong ako ng mabuting kapalaran sa daan. Maiba ko po ang usapan, Kamahalan, kahapon, ay naglakad ako sa ibabaw ng kawayan," wika ni Abunnawas.

"Ha, ha, ha," ang malakas na tawa ng Sultan, "itong si Abunnawas, kahit na kailan ay tanga. Paano ka makalalakad sa ibabaw ng kawayan?" tanong ng Sultan.

"Totoo, kamahalan. Ang iyong alipin ay natatakot magsinungaling lalo na sa banal na buwang ito. Totoong ako'y lumakad sa ibabaw ng kawayan kahapon," sabi ni Abunnawas.

"Mainam! Bibigyan kita ng sandaang piso maipakita mo lang sa aking lumalakad ka sa kawayan mula sa bahay mo hanggang dito sa palasyo.

Gawin mo ito bukas nang umaga. Subali't, kung hindi mo magagawa, nagpasiya na akong ipapugot ang iyong ulo, sapagka't galit ako sa mga taong nagsasabi ng kasinungalingan sa kaniyang kapuwa." Ganitong talaga magsalita ang Sultan.

Sumagot si Abunnawas, "Tinatanggap ko po ang inyong hamon."

Umalis si Abunnawas. Nang makarating siya sa kaniyang bahay, kaagad siyang nagtungo sa kawayanan at pagkatapos ay pumutol ng dalawang kawayan na mga tatlong braso ang haba. Sunod, kumuha siya ng dalawa pang piraso ng kawayan na may sanga at ikinabit ang mga ito sa dalawang mahahabang piraso ng kawayan at pagkatapos ay tinalian ito nang mahigpit. Ngayon ay mayroon na siyang tayakád.

Nang mag-umaga na, kaagad siyang nagtungo sa palasyo ng hari. Pagdating niya roon ay kaagad niyang tinawag ang Sultan.

"Hoy, Kagalang-galangang Kamahalan, dumungaw ka sa iyong bintana," wika niya.

Nang marinig niya ang tinig ni Abunnawas, kapagdaka'y dumungaw siya sa kaniyang bintana. At ano nga ang kaniyang nakita? Nakita niya si Abunnawas na naglalakad sa ibabaw ng kawayan.

At nagwika ang Sultan, "Talagang sampalataya na ako rito kay Abunnawas na ito sapagka't talagang nakalalakad siya sa ibabaw ng kawayan."

## ANG PANAGINIP NI ABUNNAWAS

Nangyari na minsan ay may isang guro ng relihiyon na nagsadya sa lugar nina Abunnawas. Mahaba-haba ring panahon siyang nanatili roon hanggang sa dumami ang kaniyang mga estudyante.

Isang gabi ay nanaginip ang nasabing guro ng relihiyon. Napanaginipan niyang sila ng asawa ng Sultan ay nagmahalan. Kinabukasan, ikinuwento niya sa kaniyang mga estudyante ang kaniyang napanaginipan. Lingid sa kaniyang kaalaman, isa sa kaniyang mga estudyante ay nagtungo sa hari upang ito ay iulat. Ang balitang ito'y nakapagpasiklab ng galit ng Sultan.

Nag-utos ang Sultan sa kaniyang mga sundalo, "Puntahan ninyo sa kaniyang bahay ang guro ng relihiyon at samsamin ang kaniyang mga ari-arian. Huwag kayong magtitira ng kahit ano maliban sa kaniyang suot na damit. Pag nag-usisa siya, kung bakit ninyo ginagawa iyon, sabihin ninyong parusa iyon sa mga taong nanaginip."

Kaya't ang mga sundalo ng Sultan ay nagsilakad na, patungo sa bahay ng guro ng relihiyon. Ginawa nga nila ang ipinag-utos ng Sultan sa kanila. Ang damit lang niyang suot ang tangi nilang itinira sa kaniya.

"Bakit ninyo sinasamsam ang aking mga ari-arian?" tanong ng guro ng relihiyon.

Ang isa sa mga sundalo ng Sultan ang sumagot, "Ipinag-utos ng iyong Kamahalan na samsamin ang lahat ng iyong mga pag-aari. Maliban lang sa suot mong damit sapagka't ito ang kaparusahan sa mga taong nananaginip." Kaya't walang nagawa ang guro ng relihiyon. Napayuko na lang sa kalungkutan at humingi ng awa sa Dios. Pansamantala siyang tumigil ng pagtuturo sa labis ng pag-aalaala sa kaniyang mga ari-ariang ipinakumpiska ng Sultan.

At nangyari na isang araw, isa sa kaniyang mga estudyante ang nagpayo sa kaniya na iharap ang kaniyang kaso kay Abunnawas. Kaya't pinagsadya niya si Abunnawas. Pagkakita nito sa kaniya'y binati siya agad.

"Ikaw pala, guro ng relihiyon. Pasok ka! Ano naman ang sadya mo sa pagparito?" tanong ni Abunnawas.

"Totoo, may sadya nga ako sa pagparito. Lubha akong nag-aalala sapagka't lahat ng ari-arian ko'y kinuha ng Sultan. Wala silang iniwan sa akin kundi ang suot kong damit sa katawan," tugon ng guro ng relihiyon.

"Ano naman kaya ang dahilan ng pagkumpiska ng Sultan sa iyong mga ari-arian? May nagawa ka bang kasalanan sa kaniya?" tanong ni Abunnawas.

Sumagot ang guro ng relihiyon, "Talagang hindi ko alam kung kasalanan ko nga o hindi, marahil, makabubuting pakinggan mo ang aking kuwento at ikaw ang humatol kung kasalanan ko nga o hindi."

"O, sige. Pakikinggan ko ang iyong kuwento," wika ni Abunnawas.

"Ganito iyon, Abunnawas," pagpapatuloy ng guro ng relihiyon. "Isang gabi, nanaginip ako. Napanaginipan kong kami ng asawa ng Sultan ay nagmahalan. Kinaumagahan, ikinuwento ko sa aking mga estudyante ang aking napanaginipan. Sa kasamaang palad isa sa aking mga estudyante ang nagsadya sa kaniya upang ito'y ipagbigay-alam. Nang sumunod na araw, dumating ang mga kawal ng Sultan upang samsamin ang aking mga ari-arian. Tinanong ko sila kung bakit. Sinabi nilang ipinag-utos raw ng Sultan na lahat kong pag-aari'y samsamin maliban lang sa suot kong damit sa katawan sapagka't, ayon sa Sultan, ito ang parusa sa mga taong nananaginip. Ano sa palagay mo, Abunnawas? May kasalanan ba ako o wala?"

Tumugon si Abunnawas, "Aba, hindi makatuwiran ang ginawa ng Sultan. Di ito ayon sa batas!. Ilang sandali pa.....Huwag kang mag-alaala. Iisip ako ng paraan upang mabalik na muli sa iyo ang iyong ari-arian." Kaya't nagsimula ng mag-isip si Abunnawas kung paano niya hahawakan ang kasong iyon. Di nagtagal, isang ideya ang pumasok sa kaniyang isipan.

"A, ganito ang dapat mong gawin. Pagdating mo sa bahay, sabihin mo sa iyong mga estudyanteng, gumising nang maaga bukas at pagkatapos ay magtungo sa palasyo ng Sultan. Bawa't isa sa kanila ay papagdalhin mo ng palakol. Sabihin mo sa kanilang pagdating sa palasyo ay pagtigitigisanan nila ang mga haligi roon at pagkatapos ay palakulin nila ito. Pag itinanong ng Sultan kung bakit nila ginawa iyon, dapat nilang sabihing napanaginipan ni Abunnawas na tinataga niya ang lahat ng haligi ng palasyo hanggang sa magiba ito."

"Oo, salamat nang marami, Abunnawas. Aalis na ako," tuwang-tuwang sabi ng guro ng relihiyon.

"Oo, sige, basta ipaalam mo na lang sa akin kung ano man ang kálabasán" wika ni Abunnawas. "Oo," tugon ng guro ng relihiyon. At umuwi na siya. Nang makarating siya sa bahay, kaagad niyang tinipon ang kaniyang mga estudyante at ipinaalam sa kanila ang sinabi ni Abunnawas. Sumang-ayon ang lahat ng mga estudyante.

Kinabukasan, maagang bumangon ang mga estudyante ng guro ng relihiyon. Apatnapu silang lahat. Pamaya-maya pa'y naglalakad na sila patungo sa palasyo ng Sultan, bawa't isa'y may dalang palakol. Pagdating nila roo'y sinimulan na nila kaagad ang kanilang pakay. Sabay-sabay nilang tinaga ang mga haligi ng palasyo ng Sultan. At, ano pa kaya sa akala ninyo ang sunod na nangyari? Umuga ang palasyo na parang lumilindol.

Nagsipanaog ang lahat ng tauhan ng Sultan upang tingnan ang dahilan ng pag-uga ng palasyo. At wala silang ibang nakita kundi ang apatnapung estudyante ng guro ng relihiyon. Hindi sila tumigil pagka't ayon sa kanila'y utos iyon ni Abunnawas.

Di kaginsaginsa'y buhat sa itaas ng palasyo'y may narinig silang kumalabog na parang isang balaybay ng niyog. Kaya't lahat ay nagsisugod sa silid ng Sultan. Sino pa sa akala ninyo ang kanilang nakita? Walang iba kundi ang Sultan. Gumagapang siya sa sahig, marahang hinihimas ang kanyang baywang, pati na ang kaniyang bukol sa ulo upang maibsan ng sakit. Hindi siya halos makatayo.

Sumigaw ang Sultan sa mga nagmamasid, sa kaniya, "Hoy, kayo! Mananatili na lang ba kayo riyang nagmamasid sa akin? Halikayo at tulungan ninyo akong makatayo!" Kalalapit pa lang nila sa Sultan nang biglang umuga na naman ang Palasyo at sila'y nangapasubasob na lahat. Kaya't napahiyaw nang malakas ang Sultan. "Bakit umuuga ang palasyo?" tanong ng Sultan.

Isa sa kaniyang tauhan ang lakas-loob na sumagot, "Kamahalan, pinapalakol po ng mga estudyante ng guro ng relihiyon ang lahat ng haligi ng palasyo. Pinipigil po namin sila nguni't ayaw nilang makinig pagka't utos raw po iyon sa kanila ni Abunnawas."

"A, iyon na namang ulol na iyon ang may kagagawan nito! Hala, humayo kayo at dalhin ninyo rito si Abunnawas. Huwag ang hindi ninyo siya madala rito."

Mabilis na kumilos ang lahat ng tauhan ng Sultan upang dakpin si Abunnawas. Di nagtagal at dumating si Abunnawas. Sinenyasan niya ang mga estudyante ng guro ng relihiyong tumigil na sa pagpalakol sa mga haligi. Pagkatapos, pumasok siya sa palasyo, yumuko bilang pagbibigay-galang sa Sultan nguni't di pa man lang siya nakalalapit dito sa huli'y sinalubong na siya nito ng mahahayap na mga salita.

"Hoy! Ikaw na baboy ka! Bakit mo ipinag-utos sa mga estudyanteng iyon na palakulin ang mga haligi ng aking palasyo? Pagbabayaran mo ang lahat ng ito at tiyak na sa kalaboso ang punta mo." May pagbabantang wika ng Sultan.

"Kamahalan, huwag kayong padalus-dalos sa inyong pagpapasiya. Paginggan muna ninyo ang aking panig bago ninyo ibigay ang inyong hatol. Hindi ko ninanais na igiba ang inyong palasyo. Nguni't ako'y nanaginip. Sa akin daw pong panaginip ay ako'y pinapupunta ninyo sa inyong palasyo. Kaya nga po't ako'y narito upang magbigay-galang sa inyo. Ako raw po'y inutusan ninyong maghanap ng mga lalaking tutulong sa akin sa pagputol ng haligi ng palasyo. Nagkataon po namang ang mga lalaking nakuha kong tumulong sa akin ay mga estudyante ng guro ng relihiyon. Kaya't ako nga po'y dali-daling nagtungo rito sa palasyo

ngayong umaga kasama ang mga estudyante na may dalang palakol. Nang kami'y makarating sa palasyo, hindi kami nag-aksaya ng panahon, sinimulan na kaagad namin ang pagpalakol sa mga haligi hanggang sa magiba ang palasyo pagka't ito ang iniutos mo sa akin sa aking panaginip, Kamahalan."

"O, Abunnawas, talagang napakatanga mo!" wika ng Sultan. "Isa lamang iyong panaginip. Di mo dapat tinutuo iyon. Walang kahatulan para diyan."

"Kung ganoon, Kamahalan, walang kahatulan sa isang panagiinip. Ito ba'y isang batas?" tanong ni Abunnawas.

"Mangyari pa, iyan ay batas," pasubali ng Sultan.

"Ngayon, kung tutoo nga Kamahalan na hindi hinahatulan ang panaginip, e, dapat ninyong ibalik ang lahat ng ari-arian ng guro ng relihiyon sapagka't sa panaginip lang naman nagmahalan sila ng asawa mo. Nangangahulugan lang na walang anumang kahatulan para doon. At kung hindi mo ibabalik, ikaw na rin ang unang-unang di makatutupad sa sarili mong batas, Kamahalan. Hindi ba totoo, Kamahalan?" tanong ni Abunnawas. Hindi makapagsalita ang Sultan. Tumango na lamang siya, wala siyang nagawa pagka't totoo ang sinabi ni Abunnawas. Kaya't ibinalik niyang lahat ang ari-arian ng guro ng relihiyon.

## NAGTAGO SI ABUNNAWAS NG KALABAW

Minsan pang naipasiya ni Abunnawas na magtungo sa Sultan sa dahilang wala siyang pera. Nang makarating siya sa palasyo, kaagad siyang yumuko at humalik sa kamay ng Sultan. Bilang tugon sa kaniyang pagbibigay-galang, binati siya ng Sultan.

"Ikaw pala Abunnawas!" ang bati sa kaniya ng Sultan. "Ano ang sadya mo sa pagparito?"

"A, naglalakad-lakad lang po, Kamahalan." Maiba ko po ang usapan, magkano po ang perang pumapasok sa inyo sa loob ng isang araw?" tanong ni Abunnawas.

"Bakit mo itinatanong, Abunnawas?" tugon ng Sultan.

"Wala naman, Kamahalan. Nagtataka lamang ako kung ano ang inyong ikinabubuhay gayong hindi naman kayo lumalabas ng bahay. Sa akin pong pagmamasid ay tila ba mahirap para sa inyong makahawak kayo ng halagang singkuwenta pesos man lamang." Ganito talaga kung mangusap si Abunnawas.

"Matanong man kita, Abunnawas. Magkano naman ang kinikita mo sa isang araw?" tanong ng Sultan.

"A, marahil ay hindi ninyo ako paniniwalaan, Kamahalan pero, ako ay kumikita ng kulang-kulang na sandaang piso sa isang araw." wika ni Abunnawas na may halong pagmamalaki.

"Kahit na ako isang Sultan, hindi ako kumikita ng ganiyang kalaki sa loob ng isang araw. Ikaw pa kaya na wala namang kapangyarihan at wala namang ginagawa kundi magparoo't parito?" sabi ng Sultan.

"Magpustahan tayo, Kamahalan. Bago lumubog ang araw, kikita ako ng isang daang piso o mahigit pa," sabi ni Abunnawas.

"Sige, nguni't kung hindi mo mapatutuhanan ang sinabi mo, ipatatapon kita sa pinakamasukal na bahagi ng kagubatan," wika ng Sultan.

"Opo," Ayon naman ni Abunnawas. Umalis na si Abunnawas. Nang nagdaraan siya sa tapat ng isa sa mga bahay, nakakita siya ng isang inahing kalabaw na nakatali sa isang puno ng niyog. Nagpalinga-linga siya upang alamin kung may tao sa paligid. Nang matiyak niyang walang tao, kinalag niya ang kalabaw sa pagkakatali sa nasabing puno ng niyog at dinala ito sa gubat. Itinali ito sa isang napakalaking puno roon. Pagkatapos, nagbalik siyang muli sa palasyo.

Di naglaon, sa kabilang dako, may isang lalaking nakipagkita sa Sultan upang ipabatid sa huli na nawawala ang kaniyang kalabaw at tuloy mag-usisa.

"Ano ang suliranin ng ating kapatid, Kamahalan?" tanong ni Abunnawas. "Nawala raw ang kaniyang kalabaw kanina at ang sinuman raw na makatagpo noon ay pagkakalooban niya ng dalawang daang piso," pahayag ng Sultan.

"O, subukan nating alamin sa pamamagitan ng aking anting-anting. Baka sakaling mahulaan ito ng aking galing."

Inilabas niya ang kaniyang anting-anting at tinunghan ito. "Kung hindi ako namamali sa sinabi ng aking anting-anting, hindi lilipas ang araw na ito at matatagpuan mo ang iyong inahing kalabaw. Sinasabi ng anting-anting na ito na ang iyong inahing kalabaw ay nakatali sa ibaba ng isang napakalaking punong-kahoy sa gubat.

"Nasaan ang malaking punong-kahoy na iyon na kinatatalian ng aking inahing kalabaw?" tanong ng lalaki.

"Ganito iyon. Pagkababa mo rito sa palasyo, dumiretso kang patimog. Pag nakarating ka sa sangang-daan, lumiko kang pakanán. Pag sumapit ka sa ilog, lumiko ka namang pasilangán. Isang kilometro pa ang lalakaran mo upang makita mo ang inahing kalabaw na nakatali sa isang malaking puno," ang paliwanang ni Abunnawas.

Ano sa palagay ninyo ang summod na nangyari? Tumakbo patungo sa gubat ang lalaking nawalan ng kalabaw. Para mapaikli ang mga pangyayari,

sabihin nating nakabalik na siya sa palasyo. Humihingal siya, ang kaniyang pawis ay ga-hinlalaki ng kaniyang kamay at sa kapaguran ay halos di siya makapag-salita.

"Naku, Abunnawas, nagpaikut-ikot na ako sa gubat nguni't ni anino ng aking inahing kalabaw ay di ko nakita!" pabulalas niyang sabi.

"A, marahil ay nagsisinungaling si Abunnawas. Kung totoo ang sinabi ni Abunnawas na nakatali sa isang puno, ano't sa laking iyon ng kalabaw ay di mo nakita?"

"Ipagpaumanhin po ninyo, Kamahalan, nguni't kailanman po'y di nagkabula ang sinasabi ng aking anting-anting. Kahi't pa po tayong tatlo'y pumaroon ngayon din, ang inahing kalabaw ay nakatali sa isang malaking puno," sabi ni Abunnawas.

"Mabuti!" sabi ng Sultan. "Sasama ako sa iyo subali't pag hindi nating natagpuan ang kalabaw bago lumubog ang araw, papalitan mo ang inahing kalabaw."

"Opo," sabi ni Abunnawas, "sa kasunduang dadagdagan ninyo ng sandaang piso ang gantimpalang ibinibigay ng lalaking nawawalan ng kalabaw."

"Oo." pagpapaumlak ng Sultan.

At sila nga ay magkakasamang nagtungo sa gubat. Ano sa palagay ninyo ang ginawa ni Abunnawas? Siyempre, alam niya kung saan naroon ang kalabaw pagka't siya ang nagtago noon. Nakita nga nila at kapagdaka'y iniabot ng lalaking may-ari ng kalabaw kay Abunnawas ang dalawang daang piso. Pagkatanggap niya sa pera, kinindatan niya ang Sultan.

"Ngayon, Kamahalan, tungkol naman sa inyong ipinangako?" tanong ni Abunnawas. Parang binato, hindi nakapagsalita ang Sultan. Niluwagan na lang ang kaniyang kasuutan at dumukot ng isang salaping ginto sa kaniyang lukbutan at pagkatapos ay inihagis kay Abunnawas at hiyang-hiyang lumisan.

ANG PALIGSAHAN NG SULTAN NG SULU  
AT NANG DUMALAW NA SULTAN

Nangyari na noong unang panahon ay may isang Sultang nanggaling pa sa ibang lugar na nagsadya sa Jolo upang makipagpaligsahan sa Sultan ng Sulu sa kasunduang sa mananalo mapapapunta ang kaniyang buong kaharian.

Ang pustahang ito'y ikinalungkot ng Sultan ng Sulu sapagka't kung siya'y matalo, paghaharian ng isang banyaga ang kaniyang kaharian gayong kailanman ay hindi pa ito napasailalim ng isang banyaga. Makaraan ang mahaba-haba ring oras ng pagdidili-dili, ipinatawag niya si Abunnawas.

"Humayo kayo at dalhin ninyo rito sa aking palasyo si Abunnawas," ang utos ng Sultan. "Kahit pa anong mangyari, tiyakin ninyong siya'y darating. Sabihin ninyo sa kaniyang huwag nang maghintay na ang gabi ay maging araw at ang araw ay maging gabi. Dapat siyang pumarito agad pagka't ako ay nasa gipit na kalagayan."

At nagsilakad na ang mga tauhan ng Sultan upang sunduin si Abunnawas. Di nagtagal at si Abunnawas ay makikitang nagdudumali sa paglakad patungo sa palasyo. Nang makaharap sa Sultan, agad siyang yumukod, humalik sa kaniyang kamay tanda ng pagbibigay-galang.

"Mukhang may kung anong bagay na bumabagabag sa inyo, Kamahalan,

na siyang nag-udyok upang ipatawag ang inyong alipin?" tanong ni Abunnawas.

"O, Abunnawas, ako'y nasa gipit na kalagayan. May isang Sultang taga-ibang lupain, na pumarito sa ating lugar at nais niyang makipagpaligsahan sa akin. Sa paligsahang ito'y, nais niyang turan ko kung alin ang tubig na tabang at tubig-alat. Paano kong mahuhulaan ang tama gayong ni ayaw niyang matikman ko. Magkatulad pa naman ang hitsura."

"Huwag kayong mag-alaala, Kamahalan, madali lang iyon pero hayaan muna ninyo akong umuwi," sabi ni Abunnawas.

"Abunnawas, ang paligsahan ay nakatakdang gawin bukas. Nakadaong na ang barko ng Sultan sa pantalan," pahabol na wika ng Sultan.

"Oo, Kamahalan," tugon ni Abunnawas.

Nang sumapit ang gabi, lumangoy si Abunnawas patungo sa pantalan at marahang sumampa sa hulihan ng barko. Nagkataon namang nag-uusap ang dalawang tagapayo ng dumadalaw na Sultan kaya't siya ay matamang nakinig. Nabatid niya kung saan nakalagay ang mga basong naglalaman ng tubig na tabang at tubig-alat na siya siyang gagamitin sa paligsahan.

Tinanong ng isa ang kaniyang kausap, "Saang banda natin ilagay ang basong naglalaman ng tubig-tabang?"

"Sa silangan natin ilalagay," tugon ng tinanong.

"Yaon namang may lamang tubig-alat?" "A, sa kanluran naman. Paganoon natin ilalalagay sa mesa ang dalawang basong ito."

Matapos marinig ang lahat nang pinag-usapan ng mga tagapayo ng Sultan marahan siyang tumalilis pabalik sa pampang. Nang makarating sa Sultan, inalagaan siya nitong huli na parang babaeng ikakasal. Minsan ma'y di nila pinag-usapan ang paligsahan.

Naging tampulan ng puna ang Sultan, "Ngayon talagang masusubok ang katalinuhan ng Sultan. Tiyak na matatalo siya sa paligsahang ito. Magkatulad ang tubig na tabang at tubig-alat."

Di naglaon, dumating ang oras ng paligsahan. Lahat ng mga taong nakatira sa nasasakupan ng Sultan ay naroonng lahat. Nilinga ng Sultan si Abunnawas nguni't wala siya.

Pinalakad niya ang kaniyang mga tauhan upang hanapin si Abunnawas sa gitna ng karamihan, nguni't di nila ito nakita. Nangamba ang Sultan. Pabilis nang pabilis ang tibok ng puso ng Sultan habang papalapit ang oras ng paligsahan. Damdam niya'y may dram na mabilis na tinatambol sa loob ng kaniyang dibdib.

Makaraan ang ilang saglit, dumating sa pagdarausan ng paligsahan

ang dumadalaw na Sultan, sampu ng kaniyang mga tagasunod. Lalong nadagdagan ang pangamba ng Sultan pagka't wala ni anino ni Abunnawas.

Pinagpawisan na nang husto ang Sultan. Kasinglaki ng kaniyang hinlalaki ang pawis na dumadaloy sa kaniyang noo. Abala ang kaniyang mga mata sa paglinga kay Abunnawas.

Nang handa na ang lahat, pinasimulan na ang paligsahan. Nagsimula nang bumilang ang tagapayo ng dumadalaw na Sultan. Pagkabilang ng sampu, kinakailangang tumayo ang Sultan sa kaniyang kinauupuan at hulaan kung alin ang tubig na tabang at alin naman ang tubig-alat. At marahang bumilang ang tagapayo ng Sultan.

"Isa..dalawa..tatlo..apat...lima..." ang bilang ng tagapayo. Nagsimula nang manginig ang Sultan ng Sulu, anupa't makikitang umaalog ang kaniyang upuan, na para bang lumilindol. Sa ikapitong pagbilang, damdam niya'y pinapanawan na siya ng lakas at bigla siyang namutla. Maputing tulad sa hugas-bigas ang kaniyang mukha. Ang kaniyang pawis naman ay tumutulo sa kaniyang noo na tulad sa ulan. Nguni't patuloy sa paghanap kay Abunnawas ang kaniyang mga mata. Ang pangsiyam na bilang ang higit na nakapagpanginig sa kaniya na para bang siya'y minamalarya. Di mailarawan ang takot na kaniyang nadarama. Nadarama niyang tila pinagsakluban siya ng langit at lupa. Sa pangsampung bilang, halos himatayin na ang Sultan nang sa lalapit si Abunnawas na nakaupo lamang pala sa kaniyang likuran, tinapik siya sa balikat at may ibinulong sa kaniya.

"Kamahalan, ang basong nakaharap sa silangan ang naglalaman ng tubig na tabang at yaon namang sa kanluran nakaharap ay tubig-alat," paanas niyang sabi sa Sultan.

At noon lang nakahinga nang malalim ang Sultan. Sa maikling sandaling yao'y nabawi ang kaniyang lakas. Kaagad siyang tumayo at tinungo ang plataporma at itinuro ang tubig na tabang at ang tubig-alat. Siyempre, tumpak ang hula niya. Iyan ang pangyayari kung kaya nanalo sa paligsahan ang Sultan ng Sulu.

## SI ABUNNAWAS AT ANG TORO

### MGA TAUHAN:

Abunnawas- matangkad at nakatatawang lalaki na dadaig sa Sultan.

Sultan- mataba, pandak na lalaking lubhang nakatutuwa ang hitsura.

Asawa ni Abunnawas- maliit na babaeng lampas na sa dalawampu't  
limang taong ang gulang.

Pahe (tagapaglingkod) ng Sultan- isang binatang umaasikaso sa mga  
pangangailangan ng Sultan.

Mga Maharlikang Tanod- walong matatangkad na mga lalaki.

Mga taong-nayon- lalaki, babae at mga bata (10)

### MGA KAGAMITAN SA TANGHALAN:

Unang Yugto- isang larawan sa likuran na nagpapakita ng palasyo ng hari, isang plataporma na natatakluban ng alpombrang may iba't-ibang kulay, mga unan, bandehang tansong may apat na paa, tasa, mangkok, mga plato, palangganang yari sa tanso, kapitera, mga banig, mga palamuting tanso.

Ikalawang Yugto- isang larawan sa likuran na nagpapakita ng nayon, mga banig, gong, unan, banig na yari sa uway, mga matitingkad na dibuhong gamit na panangga sa ulunan ng kama, mga unan, ilawan.

Ikatlong Yugto- katulad ng sa Unang Yugto.

Tagpuan: Sa isang nayon sa Jolo, Sulu.

Kasuutan: Ang kinaugaliang kasuutan ng mga Tausug.

#### UNANG YUGTO

TAGPO: Sa salas ng palasyo ng Sultan. Ang plataporma ay natatakluban ng alpombrang may iba't-ibang kulay at may isang bunton ng unan na nakalagay sa gitna ng tanghalan. Nasa ibabaw ng plataporma ang isang bandehang tanso na may apat na paa na puno ng pagkain. Ang mga banig ay nasa sahi at sa magkabi-kabila ng plataporma ay may nakapalamuting tanso.

## BUBUKSAN ANG TABING

Ang Sultan ay makikitang nakaupo sa bunton ng unan sa ibabaw ng plataporma at kumakain ng agahan. Ang kaniyang tagapaglingkod ay nakaupo sa banig at gumagawa ng nganga.

Nakatayo naman nang tuwid ang pitong maharlikang tanod na may sibat at kalasag.

## PAPASOK SI ABUNNAWAS

SULTAN: Ikaw pala Abunnawas! Tuloy ka.

ABUNNAWAS: (walang imik na lalapit sa Sultan, nakayuko ang ulo at pagkatapos, hahalik sa kamay ng Sultan. Uupo sa banig na ang mga paa'y magkakurus.)

Kamahalan, ano po ang bumagabag sa inyo?

SULTAN: (Iuutos sa tanod na alisin ang bandehang ginto) Ipinatawag kita sa dahilang ako'y lubhang nababahala sa aking toro.

ABUNNAWAS: At ano po naman ang inyong ikinababahala tungkol sa inyong toro?

SULTAN: At bakit naman hindi ako mababahala sa aking toro, e, hayun, tingnan mo. Ang laki-laki nguni't wala namang supling! Palagay ko ay magiging isang kabawasan kung ito'y di na magkakaanak.

(Papasok ang tanod at aalukin si Abunnawas ng nganga)

ABUNNAWAS: (Gagawa ng nganga)

At sa paano po namang paraan makatutulong ang inyong abang alipin, Kamahalan?

SULTAN: Ipinatawag kita sa dahilang nabatid kong mahusay kang mag-alaga ng toro kaya naisip kong ikaw ang pag-alagain ng aking toro upang sa loob man lang ng isang buwan ay mag-anak ito.

(Tatayo at magpaparoo't parito)

Nguni't huwag kang mag-alala. Hindi kita uusapin ng walang bayad. Bibigyan kita ng limang daang salaping ginto kung sa loob ng isang buwan ay magagawa mong magkakaanak ang aking toro. Datapuwa't kung hindi mo iyon magagawa ay ipakukulong kita sa isang pamitag ng isda at ipatatapon kita sa pinakamalalim na bahagi ng dagat.

(Hihintong sumandali at mauupong muli.)

Ano sa palagay mo Abunnawas?

ABUNNAWAS: (Sandaling mag-iisip. Magkakamot ng ulo)  
Huwag kayong mag-alala, Kamahalan. Isang pangkaraniwang bagay lang ang iyong ipinagagawa, huwag nang isipin pa ang kabayaran. Kahit huwag na ninyo akong bayaran, alam naman ninyong ni minsang di ako tumutol sa anumang ipagawa ninyo sa akin. Tulad na nga po ng nasabi ko na, handa po akong itaya ang aking buhay alang-alang sa inyo, Kamahalan.

SULTAN: (Tatayo at tatapikin sa balikat si Abunnawas)  
Mabuti, magaling, mainam Abunnawas! Ngayon, lumakad ka na at kalagin mo sa pagkakatali sa puno ang toro. Nguni't, huwag mong kalilimutang ibalik na muli iyon dito na may anak na, makalipas ang isang buwan.

ABUNNAWAS: (Hahalik sa kamay ng Sultan)  
Opo, Kamahalan. Aalis na po ako.

(Lalabas)

ISASARA ANG TABING

## IKALAWANG YUGTO

**TAGPO:** Sa bahay ni Abunnawas. Makikita ang isang banig na may mga bunton ng unan at isang banig na yari sa uway na may mariringal na disenyong ginagamit na panangga sa ulunan ng kama at mga unan. May isang ilawang nakasabit sa gitna at sa isang sulok naman ay may agong na nakasabit sa sarili nitong patungan.

## BUBUKSAN ANG TABING

**UNANG TAGPO:**

**ABUNNAWAS:** (Papasok. Magpaparoo't parito at magkakamot ng ulo. Kakausapin ang sarili.)

Paano ko magagawang magkaanak ang torong ito?

(Mauupo at mangangalumba. Paulit-ulit na titingin sa itaas at saka sa ibaba.)

Kung magnanakaw naman ako ng toro, magsusumbong naman sa Sultan ang taong mapagnanakawan ko. A, hindi maari.

(Tatayo at sisindihan ang ilawan)

Kung bibili naman ako ng toro saan ako kukuha ng pera?

(Pailing-iling na magpapalakad-lakad.)

A, pareho rin. Wala ring mangyayari.

(Maghihikab)

Mabuti pa kaya'y matulog na ako. Baka sakaling mapanaginipan ko kung paano ko magagawang magkaanak ang torong ito.

(Aalisin ang kaniyang kris at turbante. Papatayin ang ilaw at iidlip)

ISASARA ANG TABING

IKALAWANG TAGPO

BUBUKSAN ANG TABING

Nakaupo sa banig si Abunnawas na magkakurus ang mga paa na ang mukha'y nakasubsob sa kaniyang kaliwang kamay. Mukhang malayo ang kaniyang diwa. Bumubulong sa sarili. At sa papasok naman ang kaniyang asawang may dalang bandehang puno ng pagkain.

ASAWA NI ABUNNAWAS: Hoy, Abunnawas, ano'ng nangyayari sa iyo? Tulad mo'y isang luku-lukong kinakausap ang sarili. Maya-maya pa'y luluwag ang iyong turnilyo.

ABUNNAWAS: (Sisenyasan ang asawang tumahimik)

Ssshh! Huwang kang maingay! May magandang ideyang pumasok sa isipan ko kanina. Malaki ang aking pag-asang magagawa kong magkaroon ng anak ang inahing toro ng Sultan.

ASAWA NI ABUNNAWAS: (Mananatiling nakatayo habang nakapamaywang)

Mahabaging langit! Naloloko ka na ba, Abunnawas?  
Talagang wala ka sa iyong sarili sa iyong  
pinagsasasabi. Kung hindi ka titigil ng iyong mga  
kalokohang iya'y tiyak na maaga kang babawian ng  
buhay.

ABUNNAWAS: (Gagalawin ang pagkain)

Naku, asawa ko, ito lang ba ang ating pagkain isdang  
tuyo at inihaw na kamote lang?

ASAWA NI ABUNNAWAS: (Mauupong nakaharap kay Abunnawas at pagalit na  
magsasalita.)

Huwag kang mapili. Mabuti nga at mayroon ka pang  
naisisilid sa iyong sikmura. Hindi mo ba naisip  
na isang buwan ka na ngayong hindi nakalabas ng  
bahay upang maghanapbuhay? Kaya, saan tayo kukuha  
ng perang ibibili ng pagkain? Mag-iisang buwan na  
at wala ka nang ginagawa kundi matulog, kumain at  
isipin ang mga kalokohang iyan. Tingnan mo ang  
sarili mo nakakahiya! Namamaho ka na, di ka man  
lang maligo!

(Magsisimulang kumain si Abunnawas)

ABUNNAWAS: (Palalagitikin ang mga daliri)

Alam ko na! Alam ko na!

(Lalagok ng isang basong tubig. Tatayo at hahampasin nang malakas ang agong. Dali-daling aalis.)

ASAWA NI ABUNNAWAS: Hoy, Abunnawas saan ka pupunta?

ISASARA ANG TABING

IKATLONG YUGTO

TAGPO: Katulad ng Unang Yugto.

BUBUKSAN ANG TABING

ABUNNAWAS: (Hihiyaw sa likod ng tanghalan)

Nanganak ang aking ama!

Nanganak ang aking ama!

Nanganak ang aking ama!

(Papasok si Abunnawas na kasimod ang mga taong-nayon)

SULTAN: (Patayo sa pagkakahiga at mamamaywang)

Ano itong kaguluhang ito?

(Matitigatig ang mga inaantok na tanod)

ABUNNAWAS: Nanganak ang aking ama!  
Nanganak ang aking ama!  
Nanganak ang aking ama!

SULTAN: (Pagalit na mag-aalsa boses)

Hoy, Abunnawas! Naloloko ka na marahil? Paanong manganganak ang iyong ama gayong isa siyang lalaki? Talagang ikaw ay napakatanga.

ABUNNAWAS: Naku, ipagpaumanhin ninyo Kamahalan! Kung ganoon ang lalaki ay di maaring manganak. Iyan marahil ang dahilan kung bakit ang inyong toro ay di magkaanak. Isa siyang lalaki!

(Tatawa ang lahat)

ISASARA ANG TABING